

ANG KAHULUGAN LA ILALLAAH

(Walang Diyos na Dapat Sambahin Maliban sa ALLAH)

Ni Sheik Hamoud Al Lahimm

Isinalin sa Wikang Filipino ni

> Khalid Evaristo Iscag - Philippines

> > 5 / 1428 H



COOPERATIVE OFFICE FOR CALL AND GUIDANCE IN AL-BATHA

(UNDER THE SUPERVISION OF THE MINISTRY OF ISLAMIC AFFAIRS)
P.o.Box.No 20824 - Riyadh 11465 K.S.A.
Tel. 4030251 - 4083405 FAX, 4059387

ANG KAHULUGAN

NG

LA ILAAHA ILLALLAAH

(Walang Diyos na Dapat Sambahin Maliban sa Allah)

ni

Sheik Hamoud Al Lahim

Isinalin sa Wikang Tagalog ni Khalid Evaristo ISCAG-Philippines

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Islam, tumawag o magsadya sa:

COOPERATIVE OFFICE FOR CALL AND GUIDANCE

IN AL-BATHA

UNDER THE SUPERVISION OF MINISTRY OF ISLAMIC AFFAIRS.

ENDOWMENTS, PROPAGATION AND GUIDANCE

PO. BOX:20824 RIYADH.11465

00966-1 4030251 - 4034517 - 4031587 - 4030142 FAX 4059387

Lecture hall. Tel + Fax: 00966- 1- 4083405

WWW.COCG.ORG

C All rights reserved for the Office

No part of this book may be used for publication without the written permission of the copyright holder, application for which should be addressed to the office

© All rights reserved for the Office

No part of this book may be used for publication without the written permission of the copyright holder, application for which should be addressed to the office

Pambungad

Ang pagpapahayag ng "La ilaaha illallaah" (Walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah) ay siyang matibay at di mapag-aalinlanganang panuri upang malaman kung ang tao ay Muslim o Kafir (di nananampalataya). Ito ang siyang pundasyon na kung saan ang Islam ay nakasalalay. Ang konsepto ng buhay, ng sanlibutan, at ng tao ay nagsisimula rito at siya ring saligan ng mensahe ng lahat ng Sugo magmula kay Noah at nagwakas kay Propeta Muhammad (sumakanila nawa ang kapayapaan). Ang Allah - ang Dakila, ay nagsabi:

"Walang Propeta na isinugo na nauna sa iyo (O Muhammad) na hindi Namin binigyan ng kapahayagan na: 'Walang diyos na dapat sambahin maliban sa Akin, samakatuwid sambahin Ako." (Qur'an 21:25)

Nilikha ng Allah ang Jinn at Tao at ang iba pang nilalang nang may tungkuling magpahayag (at sumaksi) na "walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah". Samakatuwid, lahat ng bagay sa mundong ito ay may likas na pagsuko sa pagsamba sa Allah na Siyang nagmamay-ari sa lahat ng nilikha. Siya ang Makapangyarihan at talos Niya ang lahat ng bagay.

Ang Kahulugan ng "La ilaaha illallaah" (Walang Diyos na Dapat Sambahin Maliban sa Allah)

Ang pagpapahayag ng La ilaaha illallaah (Walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah) ay kinabibilangan ng dalawang konsepto: Pagtatwa (o Pagtakwil) at Pagpapatotoo (o Pagpapatunay).

- 1. Ang pagpapahayag na ito ay nagsasaad ng ganap na pagtalikod, pagtatwa (at pagtakwil) sa sinuman o anupaman na magkaroon ng katangiang pagka-diyos maliban sa Allah. Ang mga Anghel, mga Propeta at maging ang mga idolo, at mga pamamaraang pampolitikal sa daigdig ay hindi mga diyos. Ni wala silang karapatang sambahin. Samakatuwid, ang pagtatwang ito ay hindi nangangahulugan na walang mga diyus-diyusan na sinasamba ng tao, bagkus ang pagtanggi ay sa pagkabanal o pagka-diyos na iniuugnay sa kanila.
- 2. Ang pagpapahayag na ito ay nagpapatotoo at nagtatakda sa pagkabanal at pagka-diyos ng Allah lamang. Samakatuwid, ang tao ay nararapat na maniwala na ang Allah ay Siyang Tanging Tunay na Diyos at huwag mag-alay ng anumang pagsamba kaninuman maliban sa Kanya.

Ang pagsamba, kasama ang lahat ng kaukulang kilos at rituwal, ay dapat ialay lamang sa Diyos na may karapatan nito. Ang tunay na Diyos na may karapatan sa pagsamba ay yaong Isa na nagtataglay ng mga bukod-tanging Katangian. Ang ilan ay ang mga sumusunod:

- 1. Ang Pagka-diyos at Pagkabukod-tangi. Ang Allah ay Siya lamang ang Tunay na Diyos na walang katambal sa Kanyang mga Banal na Katangian at walang kahati sa Kanyang Kaharian. Siya ay Nag-iisa, ang As-Samad.¹
- 2. Ang May Kasapatan. Ang Allah ay walang pangangailangan sa kaninuman. Ni hindi Niya kailangan ang katulong, asawa o anak.
- Ang May Kakayahang Gawin ang Lahat.
 Walang anumang makahahadlang ng Kanyang

l Ang As-Samad ay isa sa mga magagandang pangalan ng Allah. Ito ay matatagpuan sa Surah (kabanata) 112 na nagpapahiwatig ng mga sumusunod: Ang Panginoon na Siyang tanging hinihingan ng tulong, at sa Kanya ibinibigay ang pagtalima. Walang magaganap maliban Kanyang pahintulutan. Ang Pagka-Panginoon ay nauukol lamang sa Kanya. Siya ang lumikha ng lahat. Maliban sa Kanya, ang lahat ay walang kasarinlan. Ang lahat ay umaasa sa Kanya. Ang lahat ng bagay ay nagpapahiwatig sa Kanyang kaisahan.

kapangyarihan. Magagawa Niya ang lahat ng Kanyang maibigan na walang anumang kapaguran at tulong. Kapag ninais Niyang gumawa ng isang bagay, Kanya lamang sasabihin, "Mangyari", at mangyayari na.

- 4. Ang Nananatiling Buhay. Ang Allah ay walang-hanggan sapagka't Siya ay walang kamatayan., at Siya ay Al-Qayyoom. (Laging nananatiling Buhay, may kasapatan, sandigan ng lahat)
- 5. Ang May Ganap na Kamalayan. Ang Allah ay hindi kailanman natutulog. Siya ay laging gising at nananatiling may kamalayan. Ang antok o idlip ay hindi makapangyayari sa Kanya.
- 6. Ang Lubos sa Pagmamay-ari. Ang lahat ng nilikha ay pagmamay-ari ng Allah lamang.
- 7. Ang May Lubos na Kaalaman. Ang kaalaman ng Allah ay saklaw ang buong sanlibutan na maging ang isang langgam ay hindi maka-alpas sa Kanyang kaalaman. Talos Niya ang nakatago at nakalantad, ang nakaraan, ang kasalukuyan at ang hinaharap. Batid Niya ang lahat ng bagay maging ang lihim na kaisipan ng tao.

- 8. Ang Marangal at Dakila. Walang sinuman o anuman ang higit na dakila sa Allah, maging sa Kanyang diwa at kadakilaan, at maging sa Kanyang kapangyarihan (kapamahalaan).
- 9. Ang Mahabagin at Mapagpala. Ang Allah ay sadyang makatarungan at hindi nagpaparusa sa sinuman na walang kasalanan. Bagkus, mahal Niya ang Kanyang mga tagapaglingkod, at nagpapatawad sa mga nagsisisi sa Kanya.

Kaya naman, Siya na nagtataglay ng mga Banal na Katangian ay Siyang nararapat sambahin. Ang Allah lamang ang nagtataglay ng mga ganitong Katangian. Siya ang Hari, ang Makapangyarihan, ang Maalam, ang Tanging Nakababatid ng nakikita at hindi nakikita, ang Mahabagin, at ang Mapagpala.

Tanging ang Isa na nagtataglay ng mga Banal na Katangian ang Siyang Tunay na Diyos na nararapat sambahin. Ang lahat ay sumusuko sa Kanyang Kadakilaan. Ito ang dahilan na ang pagpapahayag ng "La ilaaha illallaah" (Walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah) ay kinapapalooban ng pagtakwil sa pagkabanal ng lahat at ang pagpapatotoo

na ang pagkabanal at pagka-diyos ay nararapat lamang sa Allah, dahil Siya lamang ang nag-iisang Tunay na Diyos.

Ang Allah, na sadyang malayo sa anumang kakulangan ay Siyang Tanging nagtataglay ng mga Banal na Katangian. Ang Kabanalang ito ay taglay ang karapatang magtakda ng mga batas. Ang Allah ay Siyang nagtatakda ng mga batas para sa Kanyang mga nilikha. Kaya naman, walang sinuman ang maaaring gumawa ng batas para sa kanyang sarili o maging sa iba na hindi umaayon sa mga batas ng Allah na ibinigay sa Kanyang mga Sugo. Ni ang tao ay hindi maaaring magpanukala ng pamamaraang pagsamba o mga alituntuning pangkasunduan para sa bawa't isa o sa pangkalahatan. Ni hindi ito karapatan ng sinuman na maghaka-haka kung ano ang pinahihintulutan o ipinagbabawal ayon lamang sa kanyang sariling pagkagusto, ni hindi ito karapatan ng sinuman na magtakda ng batas sa pagpaparusa ayon lamang sa kanyang sarili. Ang mga karapatang ito ay tanging sa Allah lamang. Sinuman ang mangahas na mag-angkin ng mga naturang karapatan ay inilalagay ang kanyang sarili bilang isang diyos. Sinuman ang sumunod sa kanya ay itinuturing siyang diyos na kapalit ng Allah.

Sinabi ng Allah - ang Dakila, na ang mga Kristiyano ay nagtuturing sa kanilang mga pinuno (pari) at mga pantas bilang kanilang mga panginoon bukod pa sa Allah. Sapagka't sinusunod nila ang kanilang mga ipinagbabawal na pinahihintulutan naman ng Allah. At sinusunod nila ang kanilang pinahihintulutan na ipinagbabawal naman ng Allah na wala namang Banal na Kapahintulutan mula sa Kanya.

Ginawa nila ito makaraang malaman nila na ang Allah ang Siyang tunay na Diyos na dapat sambahin, at matapos nilang malaman na tatanggapin lamang ng Allah ang mga pagsamba na Kanyang itinakda at ipinahayag sa Kanyang Sugo.

Kaya naman, nararapat na malaman natin ang mga itinakdang pamamaraan ng pagsamba upang ma-ialay lamang natin ito sa Allah. Sa sandaling malaman natin ito, mababatid natin na nilikha Niya ang lahat upang sambahin lamang Siya. Ang tao bilang isang nilikha ng Allah ay nararapat na ilaan ang buong buhay niya sa pagsamba sa Allah. Dapat niyang mabatid na ang alituntunin ng Allah ay saklaw ang lahat ng kanyang ginagawa. Kaya't lahat ng pinahihintulutang bagay na kanyang ginagawa na may layuning mapalapit sa Allah ay gawaing pagsamba.

Ang pagsamba ay isang malawak na kataga na saklaw ang bawa't salita at gawa, lantad man o lihim na sadyang mahal ng Allah.

Matapos mabasa ang maikling paliwanag tungkol sa kahulugan ng pagpapahayag ng: "La ilaaha illallaah" (Walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah) at ang mga kinakailangan nito, maaaring kayo ay sabik na ipahayag ito at isagawa ang mga kailangan nito. Ngayon, ano ang mga kinakailangan ng pagpapahayag na ito na magiging tungkulin ng sinuman sa kanyang pagtanggap na isagawa ito? Ang mga kinakailangan ay ang mga sumusunod:

- 1. Ang paniniwala na ang Allah ang tunay na Diyos at ang pagsamba ay nararapat na ialay lamang sa Kanya. Siya lamang ang nagtataglay ng mga ganap at sakdal na katangian na sadyang walang kapintasan, at malayo sa lahat ng kakulangan kagaya ng pangangailangan ng asawa at anak.
- 2. Ang paniniwala na ang Allah ang Siyang Tagapaglikha ng lahat ng bagay. Ang Tagapanustos, ang Tagapagbigay ng buhay at kamatayan. Siya ang Nagmamay-ari ng sanlibutan, ang tanging Hari, at ang tanging may karapatang magtakda ng batas.

Ang paniniwala na ang Allah ay nagtataglay ng 3. ganap at lubos na mga katangian, at malayo sa anumang kakulangan kagaya ng itinuro sa atin ni Muhammad (sumakanya Propeta nawa kapayapaan), ayon sa Qur'an at Sunnah - ang tanging dalawang saligan na kung saan natin nalalaman ang mga katangian ng Allah. Kung si Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay gumawa ng kasinungalingan laban sa Allah, tiyak na pinarusahan na siya ng Allah. Bagkus, tinulungan siya ng Allah sa pamamagitan ng mga himala na nagpatunay ng kanyang katapatan at pagkamataimtim sa pagpapahayag ng mensahe ng kanyang Panginoon.

Ang Allah ay nagsabi:

"Kung si Muhammad ay nagbigay ng huwad na salita tungkol sa Amin (Allah), katiyakang sinunggaban na Namin siya sa kanyang kanang kamay at walang alinlangang pinutol na Namin ang kanyang (punongdaluyang) ugat. (Qur'an 69:44-46)

4. Ang pagtanggap, pagmamahal at pagtulong sa kapwa mananampalataya. Ang Allah ay nagsabi:

"Si Muhammad ang Sugo ng Allah, at sila na kasama niya ay mahigpit sa mga di nananampalataya, at (sa kabilang dako naman sila ay) mahabagin sa bawa't isa. (Qur'an 48:29)

5. Pagtatwa sa mga di nananampalataya at maging malayo (ang kalooban) sa kanila. Ang Allah ay nagsabi:

"Tunay, may magagandang halimbawa para sa inyo mula kina Abraham at mga kasama niya nang sabihin nila sa kanilang mga angkan: 'Katotohanan, kami ay malaya sa inyo at sa anumang inyong sinasamba bukod sa Allah. Itinatakwil namin kayo at nagsimula na sa atin ang labanan at pagkapoot magpakailanman hanggang sa kayo ay maniwala sa Allah lamang." (Qur'an 60:4)

Ang aming nabanggit ay ilan sa mga kinakailangan ng pagpapahayag ng "La ilaaha Illallaah" (Walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah). Ang pagpapahayag na ito ay itinuturing na isang panimula at daan sa Islam - higit sa lahat isang pundasyon. Sinuman ang magpahayag nito nang mataimtim at isagawa ang mga kinakailangan nito ay tiyak na makapapasaok sa Paraiso, sa pahintulot ng Allah. Kung

siya ay nakagawa ng mga kasalanan at namatay bago siya nakapagsisi, nasa Allah ang pagpapasiya. Maaari siyang patawarin o parusahan sa Impiyerno at ilalabas siya mula rito at tatanggapin sa Paraiso matapos siyang padalisayin sa kanyang mga kasalanan.

Nababanggit sa mga salawikain ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) na ang Sugo ng Allah na si Musa (Moises) (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay humiling sa Allah na bigyan siya ng isang natatanginng pagganap ng pagsamba na kanyang dapat isagawa. Ipinag-utos ng Allah sa kanya: "O Musa (Moises)! Ipahayag mo ang "La ilaaha illallaah" (Walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah). Si Musa ay nagsabi: "Panginoon ko! Ang lahat ng Iyong mga alipin (lingkod) ay nagsasabi nito." Upang ipahiwatig ang kahalagahan ng pagpapahayag na ito, ang Allah ay nagsabi: "O Musa! Kung ang pitong kalangitan at ang pitong kalupaan at ang nilalaman ng mga ito ay ilagay sa isang panig ng timbangan, at ang "La ilaaha illallaah" (Walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah) ay ilagay sa kabila, ito ay higit na mabigat kaysa sa dalawa."

Ang Propeta (sumakanya nawa ang kapayapaan) ay nagsabi: "Kung sinuman ang magpahayag ng 'La

ilaaha illallaah" (walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah) bago siya mamatay, siya ay tatanggapin sa Paraiso."

Ang pagpapahayag ng "La ilaaha illallaah" (Walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah) ay nararapat na may kalakip na pagsagawa ng mga sumusunod na patakaran:

- 1. **Kaalaman.** Ito ay kinabibilangan ng pagkilala sa Allah bilang Nag-iisang Tunay na Diyos na Siya lamang dapat alayan ng pagsamba at ang pagtakwil sa lahat ng diyus-diyusan na sadyang huwad na hindi makapagbibigay kabutihan, ni hindi makapagdudulot ng pinsala.
- 2. **Katiyakan.** Ang paniniwala sa Allah ay nararapat na malaya sa anumang pag-aalinlangan.
- 3. **Pagtanggap.** Nararapat na tanggapin ang lahat ng batayan.
- 4. **Pagsuko.** Ang pagsasagawa ng mga patakaran nang may pagpapakumbaba at maluwag sa kalooban, nang may kasiyahan na ang Allah ang Siyang Panginoon, at si Muhammad (sumakanya nawa ang

kapayapaan) ay Kanyang Propeta at Sugo.

- 5. **Pagkamakatotohanan.** Nararapat isagawa nang mataimtim ang lahat ng kinakailangan nito.
- 6. **Pagkamatapat.** Maging matapat sa pagsamba sa Allah, ialay ang lahat ng pagsagawa ng pagsamba sa Kanya lamang.
- 7. **Pagmamahal.** Mahalin ang Allah ang Dakila, ang Kanyang Sugo na si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan), at ang mga nagmamahal at sumusunod sa Allah.

Bilang pangwakas, nararapat isa-isip na dapat sundin ang mga iniuutos ng Allah at iwasan ang mga ipinagbabawal Niya. Ang pagkamasunurin sa Allah ay nararapat na may kalakip na pagmamahal sa Kanya, kinatatakutan ang Kanyang kaparusahan, inaasam ang Kanyang gantimpala, at minimithi ang Kanyang kapatawaran. Sinusunod ang mga aral ng Kanyang Propeta na si Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan) na siyang panghuli sa mga Sugo ng Allah. Ang pagtanggap sa Shari'ah (mga batas at mga pagganap sa pananampalataya) na nagpawalang saysay sa lahat ng mga naunang batas at mga pangrelihiyong

seremonya. Ang kanyang batas ay taglay ang pinakamahusay sa bawa't naunang Shari'ah.

Ang mga nabanggit ay isang maikling pagpapaliwanag sa kahulugan ng pagpapahayag ng "La ilaaha illallaah" (walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah), at ang mga kinakailangang alituntunin sa pagsagawa nito. Dalangin ko sa Allah na nawa'y maging kapakipakinabang ito, at nawa'y pagpalain Niya ang Kanyang Alipin (Lingkod) at Sugo, ang ating Propeta na si Muhammad, ang kanyang pamilya, at ang lahat ng kanyang mga kasama.

-oOo-

Paunang Salita

Ang lahat ng pagpupuri ay sa Allah lamang, ang Panginoon ng mga daigdig. Nawa'y ang kapayapaan at pagpapala ng Allah ay mapasa-lahat ng Propeta, kay Propeta Mohammad, sa kanyang pamilya, sa kanyang mga kasama, at sa lahat ng taong nasa tamang landas hanggang sa Huling Araw.

Ang ISCAG-Phil. (Islamic Studies, Call & Guidance-Philippines) ay isang kapisanan na may layuning iparating sa mga Pilipino ang tunay na aral at mensahe ng Islam.

Ang aklat na ito ay inilathala upang makapagbigay ng tamang kaalaman tungkol sa Konsepto ng Tanging Nag-iisang Tunay na Diyos (Allah), ang Lumikha at Tagapanustos ng lahat.

Nawa'y pagpalain ng Allah ang aming pagsisikap na makatulong sa pagpapalaganap ng Islam.

Khalid Evaristo Managing Director ISCAG-Philippines

Paunawa

Ang libritong ito ay hinango sa aklat ni Sheik Hamoud Al Lahim na may pamagat na "Ang Kahulugan ng La Ilaaha Illallaah". Ito ay kanyang isinulat sa wikang Arabik at isinalin naman sa wikang Ingles ni Sheik Mahmoud Murad na may pamagat na "The Meaning of the Testimony of Faith".

September 1994

🕏 المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد في منطقة البطحاء ، • 1 \$ 1 ه

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية

اللاهم ، حمود بن محمد

معنى لا إله إلا الله / ترجمة خالد إيفريستو.

۲۰ من : ۱۷ × ۱۷ سم

ريمك ٨ - ١٧ - ٨٩٧ - ٩٩٦٠

(النص بلغة التاجالوج)

١. الشهادة (أركان الإسلام) ٢. التوحيد

ب. العنوان أ. إيفاريستو ، خالد (مترجم)

10/7770 ديوي ۲٤٠

> رقم الايداع: ٢٢٦٥/١٥ ر دمك: ۸ - ۱۷ - ۸۹۸ - ۲۹۸

المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالبطحاء

تحت إشراف

وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والارشاد

ص٠ب: ٢٠٨٢٤ الرباض ١١٤٦٥

هاتف: ۲۰۲۰۲۱ ـ

.. 477 -1 - 2. 72014 - 6. 21047 فاكس: ٩٣٨٧ ٥٠٤ ^{أ.}

هاتف وفاكس صالة المعاضرات بالبطحاء

. . 477 -1 - E · ATE · 0

حقرق الطبع محفوظة للمكتب

لا يسمع بطبع أي جزء من هذا الكتاب إلا بعد مرافقة خطية مسيقة من المكتب

معنى لا إله إلا الله

باللغة الفلبينية (التاجالوج)

تأليسف

حمود بن محمد اللاحم

ترجــمة خالد إيفارستو



معنى

لاإلسهإلاالله

باللغة الفلبينية (تجالوج)

يرتامج ومرعماً في السماء

سبع حقص بيال

cape us acai Ilkeo

ترجمة خالد إيفارستو

A IETA/O



المساهمة في البرناوج

الايداع في الحساب رقم \$ / • ٦٣٩ طرح ١٨٥ الراجحي وإرسال صورة الايداع على فاكس المكتب ، ١٩٣٨٧ • ٤ أو التكرم بالحضور إلى مقر المكتب أو التحويل عن طريق الصراف الألي إلى الحساب رقم 1.74.174.104.404

الكتب الشعاوني للدعوة والإرشاد وتوعينة الجاليات بالبطحاء تحت إنسراف وزارة الشؤون الاسلامية والأوقساف والدعبوة والإرشباد هاتف: ٢٠١١م ؛ - ناسوخ ، ٤٠٥٩٢٨٧ - س.ب ٢٠٨٦٤ - الرياش ١١٤٦٥